Paghahanda para sa Self-Collection

Gabay sa Komunikasyon para sa Clinician

American Cancer Society

NATIONAL ROUNDTABLE ON CERVICAL CANCER

Self-Collection HPV Testing na Inaprubahan ng FDA

Human papillomavirus (HPV) self-collection testing ay inaprubahan ng FDA para gamitin kapag napagkasunduan ng pasyente at clinician na ang clinician-collected na cervical specimen ay hindi ang mas mainam na opsyon.[1] Dapat gamitin ang mga platform ng laboratoryo at collection device na inaprubahan ng FDA.

Ang cervical cancer screening sa pamamagitan ng sariling pagkolekta ng vaginal specimen para sa HPV testing ay makapagpapataas ng pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga lugar kung saan available ang screening para sa mga taong hindi pa kailanman nasuri o lampas na sa takdang panahon para sa screening.

Makakabawas ang paraang ito sa mga hadlang para sa lahat ng kwalipikadong taong may cervix na magpa-screening upang makatulong na maiwasan ang cervical cancer. Magkakatulad ang performance ng self-collected (vaginal) at clinician-collected (cervical) na mga specimen kapag sinusuri para sa HPV.[2,3]

Ayon sa American Cancer Society (ACS), American Society for Colposcopy and Cervical Pathology (ASCCP) at Enduring Consensus Cervical Cancer Screening and Management Guidelines (Enduring Guidelines), mas pinipili ang clinician-based na mga HPV test para sa surveillance pagkatapos ng abnormal na mga screening test, colposcopy o mga paggamot sa precancer.[4,5]

Mga Platform ng Lab at Collection Device na Inaprubahan ng FDA

BD	Onclarity na may Copan 522C.80 swab	*Makipag-ugnayan sa iyong lab upang matiyak na available ang bagong opsyong ito.*
Roche	cobas® na may Evalyn brush o Copan 522C.80 swab	*Makipag-ugnayan sa manufacturer ng device na ginagamit mo upang makuha ang parehong nakasulat (print) at video-based na mga tagubilin kung paano gamitin nang tama at ligtas ang device.*
Abbott	Alinity m HR HPV Assay na may simpli-COLLECT™ HPV Collection Kit o Evalyn® Brush	
Teal Health	Teal Wand	

Para sa pinakabagong mga mapagkukunan mula sa Pambansang Roundtable ng American Cancer Society tungkol sa Cervical Cancer, i-scan ang QR code o bisitahin ang cervicalroundtable.org/resource-center

Pagiging Kwalipikado ng Pasyente para sa Self-Collection

- Walang sintomas at kwalipikado para sa pangunahing HPV testing
- Hindi HIV positive
- Walang kasaysayan ng paggamot para sa cervical precancer o cancer
- Walang exposure sa DES

Mga Puntos sa Pakikipag-usap para sa mga Pasyenteng Kwalipikado para sa Cervical Cancer Screening Gamit ang Self-Collection

- Ang vaginal self-collection para sa HPV testing ay isang ligtas at epektibong opsyon sa screening.
- Habang ang mga positibong resulta ng HPV mula sa mga self-collected na specimen (humigit-kumulang 1 sa 10) ay nangangailangan ng follow-up na eksaminasyon ng speculum, maaaring gamitin ang mga clinician-collected na cervical specimen para sa reflex testing (gaya ng cytology o dual stain), na maaaring hindi na mangailangan ng karagdagang pagbisita.

Pamamahala sa mga Resulta ng Self-Collected na HPV Test

Ipinauubaya ng ACS sa ASCCP at Enduring Guidelines ang pamamahala at surveillance para sa cervical cancer screening gaya ng ipinapakita sa ibaba.[4-6]

- **Kung negatibo sa HPV:**
  Ulitin ang screening pagkalipas ng tatlong taon.
- **Kung matukoy ang HPV 16 o HPV 18:**
  I-refer o bumalik para sa pagbbisita sa colposcopy.
- **Kung ibang HPV ang matukoy (ibig sabihin, walang extended genotyping):**
  Bumalik para sa pagbisita upang kumuha ng clinician-collected na cervical specimen para sa cytology o dual stain.
- **Kung matukoy ang mga HPV type 56/59/66 na may extended genotyping:**
  Muling pagsusuri pagkalipas ng isang taon ayon sa pagpapasya ng clinician.
- **Kung ibang uri ng HPV ang matukoy na may extended genotyping:**
  Bumalik para sa pagbisita upang kumuha ng clinician-collected na cervical specimen para sa cytology o dual stain.

Mga Pagsasaalang-alang

- **Elektronikong Rekord ng Kalusugan (Electronic Health Record, EHR):**
  Makipagtulungan sa departamento ng teknolohiya ng impormasyon (information technology department) upang gumawa ng bagong order para sa vaginal self-collection na may inayos na mga paalala at prompt para sa angkop na mga pagitan.
- **Mga CPT Code:**
  Ang self-collection at clinician collection ay gumagamit ng parehong laboratory HPV test code.
- **Mga ICD-10 Visit Code:**
  Gamitin ang kasalukuyang cervical cancer screening visit code na Z12.4 para sa self-collection visit at para rin sa return visit kung kailangan para sa eksaminasyon ng speculum (screening cytology or dual stain).

1. FDA. FDA Roundup: May 17, 2024. Accessed April 7, 2025. https://www.fda.gov/news-events/press-announcements/fda-roundup-may-17-2024.
2. Arbyn M, Smith SB, Temin S, Sultana F, Castle P; Collaboration on Self-Sampling and HPV Testing. Detecting cervical precancer and reaching underscreened women by using HPV testing on self samples: updated meta-analyses. *BMJ*. 2018;363:k4823. doi:10.1136/bmj.k4823.
3. Arbyn M, Castle PE, Schiffman M, Wentzensen N, Heckman-Stoddard B, Sahasrabuddhe VV. Meta-analysis of agreement/concordance statistics in studies comparing self- vs clinician-collected samples for HPV testing in cervical cancer screening. *Int J Cancer*. 2022;151(2):308-312. doi:10.1002/ijc.33967.
4. NCI. Enduring Consensus Cervical Cancer Screening and Management Guidelines. Accessed April 7, 2025. https://dceg.cancer.gov/research/cancer-types/cervix/enduring-guidelines#publications-from-the-enduring-guidelines-effort.
5. ASCCP. Enduring Guidelines Process. Accessed April 7, 2025. https://www.asccp.org/guidelines/enduring-guidelines/process.
6. Perkins, R.B., Wolf, A.M.D., Church, T.R., et al. Self collected vaginal specimens for human papillomavirus testing and guidance on screening exit: An update to the American Cancer Society cervical cancer screening guideline. *CA Cancer J Clin*. 2025. https://doi.org/10.3322/caac.7004.

©2026, American Cancer Society, Inc.
No. 0325.51 Rev. 5/26